Tulong sa Pagpapalibing sa Coronavirus (COVID-19)

Naghatid ng napakalaking kalungkutan ang pandemya ng COVID-19 sa maraming mga pamilya. Sa FEMA, ang aming misyon ay tumulong sa mga tao bago pa man, habang at pagkatapos ng mga sakuna. Kami ay nakatuong mapagaan ang nakababahala at nagpapabigat na pinansiyal na pasanin na dulot ng virus.

Ang FEMA ay nagbibigay ng tulong pinansiyal sa mga gastos sa pagpapalibing kaugnay ng COVID-19 na natamo matapos ang Enero 20, 2020.



Upang maging karapatdapat para sa tulong sa pagpapalibing, kailangan mong matugunan ang mga sumusunod na kondisyon:

- Ang pagkamatay ay kailangang nangyari sa Estados Unidos.
- Ang aplikante ay kailangang isang mamamayan ng U.S., isang hindi-mamamayang nasyonal o kuwalipikadong banyaga na nagtamo ng mga gastos sa pagpapalibing pagkatapos ng Enero 20, 2020.
- Walang pangangailangan na ang yumaong tao ay naging mamamayan ng U.S, hindi-mamamayang nasyonal o kuwalipikadong banyaga.
- Ang sertipiko ng pagkamatay ng tao ay kailangang magpahiwatig na ang pagkamatay ay kaugnay ng o dahil sa COVID-19. Kung ang pagkamatay ay nangyari sa pagitan ng Enero 20 at Mayo 16, 2020, at ang sertipiko ng pagkamatay ay hindi kaugnay sa COVID-19, magsama ng isang nilagdaang pahayag mula sa opisyal na nagpatunay ng sertipiko ng pagkamatay, isang lokal na koroner o medikal na tagasuri na nag-uugnay sa dahilan ng pagkamatay sa COVID-19.

Aling mga gastos ang maaaring maging kuwalipikado para sa pagbabayad?

Ang mga halimbawa ng karapatdapat ng mga gastos ay maaaring kasama na, ngunit hindi lamang limitado sa:

- Transportasyon upang kilalanin ang yumaong indibiduwal
- Ang paglilipat ng mga labi
- Isang puntod na paglilibingan o nitso ng pagsusunog ng bangkay
- Isang palatandaan o lapida
- Klerigo o tagapamahala ng mga serbisyo
- Ang paggamit ng mga kagamitan ng punerarya o mga tauhan nito
- Ang mga gastos sa pagsusunog ng bangkay o paglilibing nito

Anong mga impormasyon ang kailangan kong ibigay sa FEMA?

Mangyaring magkaroon ng mga sumusunod na impormasyon bago makipag-ugnay sa FEMA upang mag-aplay:

- Pangalan, numero ng social security, araw ng kapanganakan, lugar na pinadadalhan ng koreo at mga numero ng telepono sa pakikipag-ugnay.
- Pangalan, numero ng social security at araw ng kapanganakan para sa bawat isang yumaong mga indibiduwal.
- Lokasyon o tirahan kung saan yumao ang isang indibiduwal.
- Dokumentasyon at mga resibo para sa mga tulong na natamo na mula sa ibang pinanggalingan kasama na ang seguro sa pagpapalibing, mga donasyon, mga boluntaryong ahensiya, ibang programa ng gobyerno o mga hindi-kumikitang mga organisasyon.
- Ang pangalan at impormasyon ng alinmang (mga) kasamang-aplikante kung sinuman maliban sa iyo ay nagtamo ng mga gastos sa pagpapalibing para sa namatay na (mga) indibiduwal.

PAANO AKO MAG-AAPLAY PARA SA TULONG NA ITO?

Tumawag sa Helpline sa Tulong sa Pagpapalibing sa COVID-19 ng FEMA sa 1-844-684-6333 (TTY: 800-462-7585) mula 9 n.u. hanggang 9 n.g. ET, Lunes-Biyernes at simulan ang proseso ng pag-aaplay.

Para sa pinakamabilis na serbisyo sa pagsunod sa iyong aplikasyon, maaari kang magsimula sa pamamagitan ng pagsumite ng dokumentasyon sa online sa pamamagitan ng Disasterassistance.gov, sa fax 855-261-3452.

Maaari ring ipadala sa koreo ang mga dokumentasyon sa:
COVID-19 Funeral Assistance
P.O. Box 10001, Hyattsville, MD 20782

Maaari ka ring bumisita sa amin sa online sa FEMA.gov/funeral-assistance/faq. Ang mga impormasyong ay ibinibigay sa maraming mga lenguwahe na pareho sa pamamagitan ng telepono at sa website.

FEMA